

Hunyo 11, 2026

*Mahalagang paunawa mula sa Department of Developmental Services
(Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad) tungkol sa:*

SURBEY NG KOMPOSISYON NG LUPON SA SENTRONG PANGREHIYON 2026

D-2026-Mga Kinakailangan sa Pag-uulat-004

Ano ang Dapat Malaman

Iniaatas ng batas ng California na bigyan ng mga sentrong pangrehiyon ang Department of Developmental Services (Kagawaran) ng na-update na impormasyon tungkol sa kung sino ang nagsisilbi sa mga lupon ng mga sentrong pangrehiyon bago ang Agosto 15 ng bawat taon.

Sinusuri ng Kagawaran ang impormasyong ito upang matiyak na sinusunod ng mga lupon ang mga patakarang nakasaad sa batas. Kung ang isang lupon ay hindi nakakatugon sa mga patakarang ito, dapat din itong magpadala ng isang plano na nagpapaliwanag kung paano nito aayusin ang problema sa lalong madaling panahon.

Ano ang Magbabago?

Hindi binabago ng direktibang ito kung paano tumatanggap ng mga serbisyo ang mga indibidwal at pamilya. Sinasabi ng direktiba na ito sa mga sentrong pangrehiyon kung paano iulat kung sino ang mga taong nagsisilbi sa kanilang mga lupon.

May mga katanungan?

Ang mga sentrong pangrehiyon na may mga katanungan ay dapat mag-email sa COB@dds.ca.gov. Ang mga indibidwal at pamilya na may mga katanungan tungkol sa direktiba na ito ay dapat magtanong sa kanilang tagapag-ugnay ng serbisyo para sa karagdagang impormasyon.

Matuto Pa

Para matuto pa, bisitahin ang: [WIC Seksyon 4622](https://leginfo.legislature.ca.gov/faces/codes_displaySection.xhtml?lawCode=WIC§ionNum=4622)
(https://leginfo.legislature.ca.gov/faces/codes_displaySection.xhtml?lawCode=WIC§ionNum=4622) at [WIC Seksyon 4622.5](https://leginfo.legislature.ca.gov/faces/codes_displaySection.xhtml?lawCode=WIC§ionNum=4622.5)
(https://leginfo.legislature.ca.gov/faces/codes_displaySection.xhtml?lawCode=WIC§ionNum=4622.5)

